



COVID-19

Nag-uumpisa na ang Pagbakuna ng Omicron-strain Compatible Vaccine

Bagong bakuna laban sa Omicron Variant, inaasahang **mas epektibo kumpara sa mga naunang uri ng bakuna.**

Patuloy na dumarami ang kaso ng COVID-19 sa pagtatapos ng taon at umpisa ng panibagong taon mula pa nitong nakaraang 2 taon, at pinangangambahan ang sabay na pagdami ng kaso ng seasonal flu.

Pag-isipan ang agarang pagpapabakuna upang walang maging alalahanin sa panahon ng pagtatapos ng taon at pagsalubong ng Bagong Taon.

Sino ang puwedeng Magpabakuna

Lahat ng **12 anyos pataas**, natapos na ang **2nd dose at higit pa**, dapat na **lumipas muna ang mahigit 3 buwan** mula sa huling bakuna. Bawat isang tao ay puwedeng magpabakuna ng isang beses.

Mga Uri ng bakuna

Tinatawag din na 「**Bivalent Vaccine**」, ang bakunang gawa ng **Pfizer ay para sa 12 anyos pataas**, ang bakunang gawa ng **Moderna ay para sa 18 pataas**.

Bakuna Laban sa Omicron Variant	1st,2nd Dose	Mga puwedeng magpabakuna mula 3rd Dose at mga susunod	
		12 pataas	18 pataas
Pfizer	✕	○	○
Moderna		○	○

**Impormasyon
tungkol sa
bakuna ng
prepektura
(Nihonggo)**



Event

International Christmas Carol 2022



Ngayong taon ay magsasagawa rin ng Christmas Carol Event ang International Relations Coordinator na nagtatrabaho sa prefectural office ng Nagano!
 Nais mo bang sumali sa pagkanta ng Japanese at ibang Wika?
 May stamp rally at paggawa ng Christmas card sa ibang wika.



Kailan

Disyembre 17, 2022 (Sabado) 1:00-2:30pm

Lugar

Sa harap ng Nagano Tokyu Department Store Free Space
 ※Walang bayad ang paglahok. Hindi kailangan ang pagpatala.

Iskedyul

Christmas Carol① 1:00-1:30pm
Stamp Rally at Paggawa ng Christmas Card 1:30-2pm
Christmas Carol② 2:00-2:30pm

まかくしんこうぶこくさいこうりゅうか
 Inquiry : 企画振興部国際交流課 TEL : 026-235-7188

(Planning and Promotion Department International Exchange Section)



Mag-apply para sa Individual Number Card

Ano ang individual number card?

Isang kard na may nakatalang indibiduwal na numero na may larawan ng mukha at puwedeng gamitin bilang identification card.

Gamit ang isang IC chip na may electronic certificate, ang individual number card ay maaaring gamitin sa iba't ibang serbisyo online tulad sa proseso ng paninirahan at pagsasagawa ng income tax return (e-Tax). Ang puwedeng magpagawa ng card ay ang nagpatala bilang isang residente.

Para sa Katanungan

Walang bayad ang pag-isyu sa unang card!

- **Pangkalahatang Free Dial para sa Individual Number (Wikang Hapon)**

TEL : 0120-95-0178

Lunes-Biyernes ⇒ 9:30am~8pm Sabado at Linggo

Piyesta Opisyal ⇒ 9:30am~5:30pm

- **Konsultasyon para sa Iba't ibang Wika**

TEL : 0120-0178-27 o kaya ay 0570-064-738

English · Chinese · Korean · Spanish · Portuguese ⇒ 9:30am~8pm

Thai · Nepali · Bahasa Indonesia ⇒ 9:00am~6pm

Vietnam · Tagalog ⇒ 10:00am~7pm

Tumingin dito
para sa detalye
(Multilingual)



Magkakaroon ng Job Matching Event na gaganapin Online para sa Specified Skill Worker sa 12 Industriya

Nais mo bang magtrabaho sa Japan ayon sa iyong kakayahan o skill?

Maglulunsad ng event para sa nais magtrabaho sa istado na 「Specified Skill」 upang mahanapan ng employer at makapagpa-interview.

12 Industriya na Nangangailangan ng Trabahador

- | | |
|--|-------------------------------------|
| • Care Worker | • Building Cleaning |
| • Shipbuilding/Ship Machinery | • Construction |
| • Aviation | • Automobile Repair/
Maintenance |
| • Agriculture | • Accomodation |
| • Food/Beverages Manufacturing | • Fisheries |
| • Electric, Electronics, and Information | • Food Service |



Tumingin dito
para sa detalye
(Multilingual)



Kailan ang Job Matching Event

Disyembre 2022 - Pebrero 2023

Paano ang Pagsali sa Event

Online (Gamit ang Event Hub)

*Pansamantalang Bakasyon ng Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center sa pagtatapos ng 2022 at pagsalubong ng Bagong Taon 2023 *



Sarado mula Disyembre 29, 2022 (Huwebes) ~ Enero 4, 2023 (Miyerkules).

Ipagpaumanhin po ninyo ang maidudulot na abala.



Ang Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center ay tumutugon sa mga konsultasyon tungkol sa pang-araw araw na pamumuhay sa 15 wika. (Walang bayad)

☎ 026-219-3068 / 080-4454-1899 Homepage : <https://www.naganoken-tabunka-center.jp/>

